# MISSALETTE

16 Agosto 2026 • IKA-20 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON • TAON A




## "NAPAKALAKI NG IYONG PANANALIG!"

Sa ika-20 Linggo sa Karaniwang Panahon, ipahahayag ng Mabuting Balita na ang biyaya ng Diyos ay para sa lahat at ang matiyagang panalangin ay mahalaga. Isang babaeng Cananea ang lumapit kay Hesus at hiniling ang paggaling ng kanyang anak. Dayuhan siya ngunit tinawag si Hesus na "Anak ni David," isang tanda ng pananampalataya. Tayo man ay nakadarama din ng kakulangan sa harap ng Diyos. Ngunit tiniyak Niya: Siya ay para sa lahat. Palalalimin nawa ng Banal na Eukaristiyang ito ang ating pananalig sa Diyos.

## PASIMULA

### PAMBUNGAD

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Hari namin ay basbasan
'pagka't siya'y 'yong hinirang.
Kahit isang araw lamang
kapag nasa iyong bahay
daig ang sanlibong araw. *(Sal 84, 9-10)*

### PAGBATI

**P** –Ang pag-ibig at kapayapaan ng Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat.
**B –At sumaiyo rin.**

### PAGSISISI

**P** –Habang naghahanda tayo para sa pagdiriwang ng Eukaristiya, alalahanin natin ang ating ikinapaging di karapat-dapat dito, lalo na ang ating mga kapabayaang isabuhay ang mga kautusan ng pagmamahal na panlahat, gaya ng turo ni Kristo. (Manahimik saglit.)

**P** –Ipinakilala mo ang pag-ibig ng Diyos sa lahat ng tao, Panginoon, kaawaan mo kami.
**B –Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** –Naparito ka upang mapagbalik-loob ang lahat ng tao, Kristo, kaawaan mo kami.
**B –Kristo, kaawaan mo kami.**

**P** –Ipinagdarasal mo kami sa kanan ng Ama, Panginoon, kaawaan mo kami.
**B –Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
**B –Amen.**

### PAPURI

**B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan**
**at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.**
**Pinupuri ka namin,**
**dinarangal ka namin,**
**sinasamba ka namin,**
**ipinagbubunyi ka namin,**


This issue of Missalette may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

**pinasasalamatan ka namin**
**dahil sa dakila mong angking kapurihan.**
**Panginoong Diyos, Hari ng langit,**
**Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,**
**Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.**
**Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin.**
**Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan.**
**Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,**
**maawa ka sa amin.**
**Sapagkat ikaw lamang ang banal,**
**ikaw lamang ang Panginoon,**
**ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,**
**kasama ng Espiritu Santo**
**sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.**

## PANALANGING PAMBUNGAD

**P –**Ama naming makapangyarihan,
lingid sa aming paningin ang mga inihanda mo para sa mga nagmamahal sa iyo.
Padaluyin mo sa amin ang agos ng iyong pag-ibig
upang sa pagmamahal namin sa iyo nang higit,
makamtan namin ang iyong mga pangakong di malirip
na hindi pa sumasagi sa isip namin o panaginip.
Iniluluhog namin ito
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
**B–Amen.**

# PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

## Unang Pagbasa — Isa 56:1.6-7

Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Isaias

**Ang sabi ng Panginoon sa kanyang bayan:**
**“Ayon sa katarungan**
**at laging matuwid ang inyong gagawin. Ang pagliligtas ko’y**
**di na magluluwat, ito ay darating.**
**Ito’y mahahayag sa inyong paningin.”**
**Ito naman ang sabi ng Panginoon**
**sa mga dating dayuhan na ngayo’y kabilang sa kanyang bayan,**
**buong pusong naglilingkod sa kanya,**
**nangingilin sa Araw ng Pamamahinga,**
**at matapat na nag-iingat sa kanyang tipan:**
**“Dadalhin ko kayo sa Sion, sa aking banal na bundok.**
**Ipadarama ko sa inyo ang kagalakan sa aking Templo.**
**Tatanggapin ko ang inyong mga handog,**
**at ang Templo ko’y tatawaging bahay-dalanginan ng lahat ng bansa.”**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## Salmong Tugunan — Sal 66, 2-3. 5. 6 at 8

**B –Nawa’y magpuri sa iyo**
**ang lahat ng mga tao.**

*R. M. Velez*




* O Diyos, pagpalain kami’t kahabagan,
kami Panginoo’y iyong kaawaan,
upang sa daigdig mabatid ng lahat
ang iyong kalooban at ang pagliligtas. **B.**

* Nawa’y purihin ka ng mga nilikha,
pagka’t matuwid kang humatol sa madla;
ikaw ang patnubay ng lahat ng bansa. **B.**

* Purihin ka nawa ng lahat ng tao,
purihin ka nila sa lahat ng dako.
Ang lahat sa ami’y iyong pinagpala,
nawa’y igalang ka ng lahat ng bansa. **B.**

## Ikalawang Pagbasa — Ro 11, 13-15.29-32

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

**Mga kapatid: Ito naman ang sasabihin ko sa inyo, mga Hentil. Yamang ako’y apostol ninyo, pinangangatawanan ko ang aking ministeryo upang mangimbulo ang mga kababayan ko, at sa gayo’y maligtas ang ilan sa kanila. Kung naging daan ng pakikipagkasundo ng sanlibutan sa Diyos ang pagkakatakwil sa kanila, ang muling pagtanggap sa kanila’y para na ring pagbibigay-buhay sa patay.**

**Ang Diyos ay hindi nagbabago ng isip tungkol sa kanyang mga kaloob at pagtawag. Dati, masuwayin kayo sa Diyos, ngunit ngayo’y kinahahabagan sa panahon ng pagsuway ng mga Judio. Gayundin naman, sila’y naging**

**masuwayin ngayong kayo'y kinahahabagan upang sila'y kahabagan din. Sapagkat hinayaan ng Diyos na maalipin ng kanilang kasalanan ang lahat ng tao upang maipadama sa kanila ang kanyang habag.**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## Aleluya — Mt 4, 23

B – Aleluya! Aleluya!
Ipinangaral ni Hesus
ang paghahari ng Diyos;
sakit ay kanyang ginamot.
Aleluya! Aleluya!

## Mabuting Balita — Mt 15, 21-28

P – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**
P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
**B –Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, si Hesus ay nagpunta sa lupaing malapit sa Tiro at Sidon. Lumapit sa kanya ang isang Cananeang naninirahan doon at malakas na sinabi, "Panginoon, Anak ni David, mahabag po kayo sa akin! Ang anak kong babae ay inaalihan ng demonyo at masyadong pinahihirapan." Ngunit gaputok ma'y di tumugon si Hesus.**
**At lumapit ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanya, "Pagbigyan na nga po ninyo at nang umalis. Siya'y nag-iingay at susunud-sunod sa atin." Sumagot si Hesus, "Sa mga tupang naliligaw ng sambahayan ng Israel lamang ako sinugo." Ngunit lumapit sa kanya ang babae, lumuhod sa harapan at ang sabi, "Tulungan po ninyo ako, panginoon." Sumagot si Hesus, "Hindi dapat kunin ang pagkain ng mga anak upang ihagis sa mga tuta." "Tunay nga po, Panginoon," tugon ng babae, "ngunit ang mga tuta man ay nagsisikain ng mumong nalalaglag sa hapag ng kanilang panginoon." Kaya't sinabi sa kanya ni Hesus, "Napakalaki ng iyong pananalig! Mangyayari ang hinihiling mo." At noon di'y gumaling ang kanyang anak.**

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.
**B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## HOMILIYA

## SUMASAMPALATAYA

**B – Sumasampalataya ako
sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,
na may gawa ng langit at lupa.
Sumasampalataya ako kay Hesukristo,
iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.
Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,
ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.
Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,
ipinako sa krus, namatay, inilibing.
Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.
Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli.
Umakyat sa langit.
Naluluklok sa kanan
ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Doon magmumulang paririto
at huhukom sa nangabubuhay at
nangamatay na tao.
Sumasampalataya naman ako
sa Diyos Espiritu Santo,
sa banal na Simbahang Katolika,
sa kasamahan ng mga banal,
sa kapatawaran ng mga kasalanan,
sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao
at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

## PANALANGIN NG BAYAN

**P** –Nais ng Diyos ang kaligtasan ng lahat at ipinapakita Niya ang Kanyang awa sa mga nagtitiwala sa Kanya. Buong tiwala, tulad ng babaeng Cananea, tayo'y manalangin: Ama namin, dinggin Mo ang aming panalangin.

**B–Ama namin, dinggin Mo ang aming panalangin.**

* Para sa Simbahang Katolika: nawa'y maging tunay Siyang tanda ng pag-asa para sa lahat, at bukas na tanggapin ang mga dayuhan, mahihirap, at mga nakadarama ng pag-iisa. Manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga pinuno ng mga bansa: nawa'y manaig sila sa pagiging walang-malasakit at paboritismo at magsikap para sa pagkakaisa, pagkakapatiran, at kapayapaan. Manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga pinuno ng iba't ibang relihiyon: nawa'y ang pagkakaiba ng paniniwala ay maging daan sa pag-uusap, pagtutulungan, at kapayapaan. Manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

*	Para sa ating mga mag-anak at parokya: nawa'y lumago tayo sa pag-ibig at paggalang sa isa't isa, at walang sinuman ang makaramdam na siya ay naiiba o napapabayaan. Manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

**P** –Diyos naming Ama, punuin Mo kami ng Iyong Espiritu Santo upang matanggap namin ang Kanyang mga kaloob at maging handang magmahal nang walang hangganan at pag-aalinlangan. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.
**B – Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

**P –** Manalangin kayo . . .
**B – Tanggapin nawa ng Panginoon**
**itong paghahain sa iyong mga kamay**
**sa kapurihan niya at karangalan,**
**sa ating kapakinabangan**
**at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**P** –Ama naming Lumikha,
tanggapin mo ang mga alay
upang maganap ang pagpapalitan
ng iyong kaloob at ng aming handog
sa aming paghahain na iyo na ring ibinigay
para kami'y maging marapat na iyong
paunlakan sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

### PREPASYO IV

**P** – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**

**P** – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
**B – Itinaas na namin sa Panginoon.**

**P** – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
**B – Marapat na siya ay pasalamatan.**

**P** –Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan
sa pamamagitan ni Hesukristo
na aming Panginoon.
Siya ay naging kapwa naming maaasahan
upang may mangunang umako sa pananagutan
dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang
pagkakanya-kanya ng sangkatauhan.
Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig
at ang kamatayan ay kanyang nalupig
kaya't siya ang aming Daan para aming
masapit ang iyong tapat at maaasahang
pag-ibig.
Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
**B – Santo, santo, santo**
**Panginoong Diyos**
**ng mga hukbo!**
**Napupuno ang langit at lupa**
**ng kadakilaan mo!**
**Osana sa kaitaasan!**
**Pinagpala ang naparirito**
**sa ngalan ng Panginoon!**
**Osana sa kaitaasan!**

### PAGBUBUNYI

**B** –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

## PAKIKINABANG

**B – Ama namin . . .**
**P –** Hinihiling namin . . .
**B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman.**

### PAANYAYA SA KAPAYAPAAN

### PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

**B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,**
**maawa ka sa amin. (2×)**
**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,**
**ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### PAANYAYA SA PAKIKINABANG

**P** – Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
**B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa Iyo ngunit sa isang salita Mo lamang ay gagaling na ako.**

## ANTIPONA NG PAKIKINABANG

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Ang pag-ibig na s'yang dulot
ng Panginoong ating D'yos
ay matatag lagi't lubos.
Siya ay handang tumubos
nang may kagandahang-loob.

*(Sal 130, 7)*

## PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

**P** –Ama naming mapagmahal,
sa banal na pakikinabang si Kristo ay aming pinagsaluhan.
Hinihiling naming kami'y maging katulad niya sa langit
pakundangan sa kanyang pagiging aming kaparis
bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B** – **Amen.**

## PAGWAWAKAS

**P** – Sumainyo ang Panginoon.
**B** – **At sumaiyo rin.**

**P** – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
**B** – **Amen.**

**P** – Humayo kayo sa kapayapaan at maging kasangkapan ng pagmamahal ni Kristo sa lahat.
**B** – **Salamat sa Diyos.**

Like us on Facebook
Word and Life Publications




WORD AND LIFE PUBLICATIONS
Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, J. Lacandazo, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua